

Hindi kailanman namahay si Patricia. Sa totoo lang, kahit saan siya mapadpad, madali siyang makagawa ng tulog kapag gusto niya.

Habang humihilik ang mga kasama sa loob ng TV room ay dilat na dilat pa rin siya. Ang slumber party, ie-extend pa yata niya hanggang sa gumabi ulit mamaya.

She closed her eyes. She needed to sleep. Pero hindi tulog ang natagpuan ng nakapikit niyang mga mata kundi ang eksena kanina sa loob ng kuwarto niya...

*“Come in, bukas iyan,” ani Patricia sa kumakatok sa pinto. Iniwan niya sandali ang mga kasama na nagkakasiyahan sa TV room sa ibaba at umakyat sa kuwartong tinutuluyan. Nakayuko siya sa loob ng balikbayan box at hinahanap ang mga pasalubong kina Joy at Penny. Naiwan ang mga ito kasama nina Mariz at Gabriel at dalawa pang kaibigan ng huli.*

*Pag-angat ng tingin niya mula sa kahon ay nagulat siya nang makitang si Gabriel ang pumasok. Akala niya ay si Sally iyon na hiningan niya kanina ng kape bago siya umakyat.*

*“O, Gabriel!” Hindi niya naitago ang pagkabigla. “Bakit? May kailangan ka ba?” tanong niya, inilalagay sa ibabaw ng kama ang ilang items na kinuha mula sa kahon.*

*Naramdaman niya ang paglapat muli ng pinto gayundin ang paglapit nito. Ewan niya, pero biglang nanginig ang kanyang mga binti.*

*“Ano’ng ginagawa mo, Patricia?” tanong nito sa kanya.*

*“Ha? Ah, kinukuha ko ’yung mga pasalubong ko kina Joy at Penny. Baka kasi malimutan ko pa kaya inihahanda ko na.”*

*Walang sagot mula sa binata. She continued raiding the big box. Unti-unti nang nawawala ang panginginig ng mga tuhod niya.*

*“Ah, Gab, ano kaya ang puwede kong ibigay sa mga kaibigan mo na nandito sa kahon?”*

*Mali! Hindi siya dapat nagtanong. Dahil lumapit sa kanya si Gabriel tuloy nagkadikit ang mga tagiliran nila.*

*She smelled his cologne. It was intoxicating.*

*“Huwag ka nang mag-abala,” sagot nito.*

*She faked a smile. Ang totoo ay hindi siya makahinga nang normal. She felt suffocated. “O-okay.”*

*“I want to talk to you, Patricia.”*

*Napatingin siya rito. “What about? Something wrong?”*

*“Parang.”*

*“Mukhang seryoso ’yan, ah.”*

*“It is.”*

*Sandali siyang natilihan. “So, ano’ng problema?”*

*“I’m experiencing this sleep disorder. Mag-iisang linggo na.”*

*“Sleep disorder? Insomnia?” she asked, concerned. “Hindi mo dapat binabalewala iyan, Gabriel. Kailangan ng tao ng maayos at sapat na tulog.”*

*“I know that, Patricia. Kaya nga kinakausap kita ngayon.”*

*Nadagdagan ang guhit sa pagitan ng kanyang mga kilay. “A-ano’ng... maitutulong ko?” tanong niya habang dumidistansya mula rito.*

*“Lagi mong sinasabing mas matanda ka sa akin, pero ang hina naman ng pick-up mo.”*

*Bahagya siyang nainis. “Ba’t di mo pa ako deretsahin? Gusto mo bang sabihin na hindi ka makatulog dahil may ibang tao dito sa bahay n’yo?”*

*“That’s not what I mean and you know it,” sagot ni Gabriel. “Hindi ako makatulog dahil ginugulo mo ang utak ko. Malapit na nga ’kong mabaliw sa kaiisip sa ’yo.”*

*Ikinagulat niya pa rin ang sinabi nito. Her heart hammered inside her chest. At tila bigla siyang nahulog sa kailaliman at nahirapan siyang umahon pabalik.*

*“Help me, Patricia. Kung ayaw mong tuluyan akong mabuwang.”*

*Kahit pa halos bumara na sa lalamunan niya ang sunod-sunod na dagundong ng dibdib ay pinilit niyang huminga. Nang malalim. Saka marahang nagbuga ng hangin.*